INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


# Mga Salik Sa Tahanan Na Nakaaapekto Sa Interes Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino

**DOI: 10.5281/zenodo.14621272**

**Kassandra Crystal T. Pahalla**
BSEd - 4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0003-5314-2870|kassandracrytsal17@gmail.com

**Jinky S. Lausa**
BSEd – 3, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/ 0009-0000-5229-9700 | jinkylausa5@gmail.com

**Joenard L. Tuastomban**
Faculty, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0000-0001-8029-9652 |joenardtuastomban@gmail.com

**Leizel Joy C. Dabalos**
Faculty, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0000-8697-6992 |leizeljoycaspe30@gmail.com

**Sydel Camille D. Compo**
Faculty, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0006-8200-3521 |delosreyessydel@gmailcom

**Abstrak**

Malaki ang ginagampanan ng tahanan dahil dito unang napupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto na naging pundasyon sa kanilang kaalaman. Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa mga salik sa tahanan na nakaaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa Filipino sa Misamis University. Ang disenyong ginamit sa kwantitatibong pag-aaral ay *descriptive correlational*. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang 170 na mga mag-aaral sa ikapitong baitang hanggang ika-sampung baitang ng Junior High School na pinili sa pamamagitan ng *stratified random sampling*. Gumamit ang mga mananaliksik ng limang puntong *likert-scale questionnaire* bilang instrumento sa pagtitipon ng mga datos. Natuklasan sa pananaliksik na ito na ang mga salik sa tahanan ng mga mag-aaral ay may makabuluhang epekto sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ipinapakita na ang interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay may kaugnayan sa iba't ibang salik sa tahanan na isang mahalagang papel sa tagumpay ng pag-aaral ng mga mag-aaral. Inirekomenda ng pag-aaral na ang magulang aygumamamit ng wikang Filipino sa tahanan upang mapalaganap ang kahalagahan nito sa kanilang mga anak. Nakatutulong din ang pagbigay ng libro, pelikula at mga programang nakabatay sa kultura at wikang Filipino upang mas mapalalim ang kanilang interes at pagmamahal sa asignaturang Filipino mula pagkabata hanggang pagtanda.

***Mga Susing Salita:*** *asignatura, Filipino, interes, salik, tahanan*

**Introduksiyon**

Ang aktibong pakikilahok ng mga magulang sa mga gawain sa paaralan ng kanilang mga anak ay mahalaga, dahil pinapalakas nito ang ugnayan ng tahanan at paaralan na sumusuporta sa akademikong pag-unlad ng isang bata (Auld, 2020). Ang mga mag-aaral na may mga magulang na aktibong nakikilahok sa kanilang pag-aaral ay may mas magandang asal, mataas na marka, magandang ugnayan sa kapwa at magandang relasyon ng mga tao sa paaralan (Casey, 2022). Sinang-ayunan naman ito sa pag-aaral ni Cheung et al., (2012) at Keys (2015) na habang mas aktibo ang mga magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay mas nagiging motibado at yumayabong ang interes ng mga bata na mag-aral nang mabuti. Dagdag naman ni Pomerantz et al., (2007) na isa sa pangunahing layunin ng maraming edukasyon ay ang tulungan ang mga magulang na makilahok sa akademikong buhay ng kanilang mga anak. Hinihikayat ang suporta ng magulang sa tahanan sa pag-aaral ng kanilang mga anak at suporta nila sa paaralan, dahil sa ganitong paraan ay pinapalakas at nagbibigay ito ng suporta sa matagumpay na sistema ng edukasyon (Durisic et al., 2017).

Ang Filipino ang pangunahing asignatura sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas batay sa Departamento ng Edukasyon ng Pilipinas. Kaya naman, ginawang pangunahing asignatura ng bansa at ang pagtuturo ng Filipino ay may mahalagang papel sa pambansang kaunlaran, na umaayon sa konstitusyonal na pagkilala sa Filipino bilang opisyal na wika para sa pambansang pagkakakilanlan at pangangailangan (Renegado, 2022). Dagdag pa nito na ang pagbibigay priyoridad sa ating sariling wika, ay isang mahalagang simbolo ng ating pagkakakilanlan at nagpapakita

ang Pilipinas bilang natatanging bansa sa pandaigdigang komunidad. Pinapalalim nito ang pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura at tradisyon. Ang pagpapanatili ng asignaturang Filipino sa kurikulum ay patunay ng respeto at pagmamahal ng mga Pilipino sa sarilig wika, na humulma sa kasaysayan at pagka-Pilipino (Robles et al., 2017).

Bilang mahalagang bahagi ng kurikulum sa mga paaralan, ang asignaturang Filipino ay naglalayong palalimin ang abilidad sa komunikasyon at paggamit ng wikang Filipino sa pang-araw-araw na buhay. Ayon kay Dominguez (1995), binibigyang-diin dito ang praktikal na gamit ng wika kaysa sa istruktura nito. Bagamat nagkaroon ng mahabang proseso ang disenyo at paglalapat ng asignaturang ito sa edukasyon, hindi lahat ng mag-aaral ay interesado dito dahil sa kanilang personal na mga kadahilanan. Sa bansang India, partikular sa Global Indian International School, ang kawalan ng komportableng kapaligiran sa pag-aaral ay isa sa mga kadahilanan kung bakit nawawalan ng interes ang isang mag-aaral sa kanyang pag-aaral. Batay naman kay (Guao et al., 2023) na ang motibasyon ay isa mga pangunahing aspeto na pagkuha na atensyon ng maag-aaral at guro dahil sa paglipas ng panahon, ang presensya ng motibasyon sa loob ng silid-aralan ay nagiging galugod ng proseso ng pagkatuto at ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral ay may iba't ibang dahilan na kailangang alamin at pagktapos ay hanapin ang pinkamahusay na solusyon para dito hangga't maari (Weyar et al., 2021).

Ayon sa internasyonal na pag-aaral nina (Brown et al., 1997) tungkol sa *Language Use at Home and School*, karamihan ng pamilya, ang wika na natutunan ng mga bata ay masaganang nabubuo sa tahanan kaysa sa paaralan. Kaya maraming mga mag-aaral ang hindi gaanong marunong sa larangan ng Filipino, at ang mga estudyanteng lumaki gamit ang kanilang *mother tounge* na lengguwahe na kanilang naging pundasyon sa kanilang pagsasalita, pakikipag-usap at paniniwala ukol sa kulturang kanilang nakagisnan. Kailangang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng wikang Filipino (Rosario, 2020). Sa ganitong pamamaraan, magiging maalam ang mga mag-aaral sa wikang opisyal ng bansa at magkakaroon ng sapat na kaalaman hinggil kultura, tradisyon, paniniwala at lengguwahe ng bansa. Ukol naman sa ibang datos (Christenson et al., 1992) sa kanilang pag-aaral sa impluwensiya ng pamilya sa tagumpay ng mga mag-aaral, nakilala ang limang pangunahing paktor sa pamilya at tahanan na nakaapekto sa tagumpay ng mga mag-aaral. Ito ay ang mga sumusunod; ekspektasyon ng mga magulang sa anak, istraktura sa pag-aaral kapaligiran sa bahay, disiplina at pakikilahok ng mga magulang. Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa salik o dahilan na nakaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Sa Misamis University, Ozamiz City, naobserbahan ng mga mananaliksik ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ninanais ng mga mananaliksik na matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino partikular na sa mga salik sa tahanan na nakaaapekto sa kanilang interes. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang mga kadahilanan mula sa tahanan na nakaaapekto sa kanilang interes sa asignaturang Filipino o sa kanilang pag-aaral sa pangkalahatan at masuri ang mga tamang hakbang na maaaring gawin ng mga guro, magulang, at iba pang mga kinatawan ng paaralan upang palawakin ang interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang ito.

**Layunin Ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga salik sa tahanan na nakaaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School ng Misamis University S.Y 2023-2024. Ang pag-aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na mga layunin:

1. Natutukoy ang mga salik sa tahanan ng mga mag-aaral batay sa positibong suporta ng kanilang magulang, paggabay ng magulang, wika na ginagamit sa bahay, multilingual na kapaligiran, pakikiisa sa kulturang Pilipino at pakikipag-ugnayan sa midya ng Filipino;
2. Natutukoy ang lebel ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino batay sa kanilang interes sa wikang Filipino, pagpapakita ng interes sa klasrum, pakikilahok sa ekstrakurikular na aktibidad at kaugnayan sa pang araw-araw na buhay; at
3. Nasusuri ang makabuluhang ugnayan ng mga salik sa tahanan at interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Pamamaraan**

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng *descriptive correlational* na disenyo. Ang layunin ng isang deskriptiv na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Ang kaugnayan na ito ay nagpapaliwanag ng pagkaugnay-ugnay ng mga baryabol nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit at Hungler, 2013). Ito ay angkop sa pag-aaral upang matukoy ang mga salik sa tahanan na nakaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 1 

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Basic Education Department Junior High School ng isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay 170 na mga mag-aaral sa ikapitong baitang hanggang ika-sampung baiting ng Junior High School sa isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz na pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling mula sa apat (4) na baitang.

**Resulta at Talakayan**

**Salik sa Tahanan ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**
(n=170)

Ipinakita sa Talahanayan 1 na ang kabuuan ng mga salik ay may mataas na antas (M=3.76; SD=0.89) na nakaaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang anim na baryabols ay may mataas na antas: Positibong Suporta ng Magulang (M=3.92); Paggabay ng Magulang (M=3.73); Wika na Ginagamit sa Tahanan (M=3.31); Multilingual na Kapaligiran (M=3.95); Pakikiisa sa Kulturang Filipino (M=4.02); Pakikipag-ugnayan sa Midya ng Filipino (M=3.76).

Ang impluwensiya ng magulang, wika sa pamilya at kultura at tradisyon ay may mataas na antas at ito ay nakaaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Batay sa pananaliksik nina (Mansour et al., 2009), na ang mga salik sa tahanan at ang mga magulang ay talagang may mahalaga at kritikal na papel sa pagbuo ng motibasyon at pakikilahok ng mga mag-aaral. Sinang-ayunan naman ito ni Auld (2020), na ang aktibong pakikilahok ng mga magulang sa mga aktibidad sa paaralan ay mahalaga, pinapalakas nito ang ugnayan sa pagitan ng tahanan at paaralan, at sinusuportahan nito ang akademiko at sosyal na paglago ng kanilang mga anak.

Binigyan diin na malaki ang ginagampanang tungkulin ng tahanan sa paghubog at pagpapa-unlad sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang tahanan partikular na ang mga magulang ang nagsisilbing unang guro upang tulungan at gabayan ang mga anak sa kanilang pag-aaral. Ang pakikiisa sa kulturang Pilipino at pakikipag-ugnayan sa midya ng Pilipino sa ilalim ng kultura at tradisyon, ay higit na nakaaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang aktuwal na pag-unlad ng isang mag-aaral sa isang paaralan ay may tuwirang kaugnayan sa pagpapakita ng interes at suporta ng mga magulang sa tagumpay ng kanilang mga anak (Georgiou, 1999). Ang tahanan at ang mga magulang ay may malaking ambag sa motibasyon at tagumpay ng kanilang mga anak dahil sila ay maaring maging pundasyon ng suporta at edukasyon ng mga anak (Martin, 2009). Ang kanilang impluwensiya ay nagtatakda ng tamang pundasyon para sa pagpapalaki ng isang anak na may tiwasla sa sarili, edukado, at handang harapin ang mga hamon sa buhay (Lincolm et al., 2022).

Ang interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay ay naaapektuhan ng iba't-ibang salik sa tahanan. Kabilang dito ang positibong suporta ng magulang at paggabay ng magulang, sa ilalim ng impluwensiya ng magulang. Ang wika na ginagamit sa bahay at multilingual na kapaligiran, sa ilalim naman ng wika sa pamilya at pakikiisa sa kulturang Pilipino at pakikipag-ugnayan sa midya ng Filipino, sa ilalim ng kultura at tradisyon ay maaring magdulot ng positibong epekto at maging tulay sa sa pag-unlad ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 1**

**Salik sa Tahanan ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**
(n=170)

| Mga Konstruksyon | M | SD. | Remarks |
|---|---|---|---|
| Positibong Suporta ng Magulang | 3.92 | 0.84 | Mataas |
| Paggabay ng Magulang | 3.73 | 0.86 | Mataas |
| Wika na Ginagamit sa Tahanan | 3.31 | 1.18 | Katamtamang Mataas |
| Multilingual na Kapaligiran | 3.95 | 0.78 | Mataas |
| Pakikiisa sa Kulturang Pilipino | 4.02 | 0.75 | Mataas |
| Pakikipag-ugnayan sa Midya ng Filipino | 3.62 | 0.93 | Mataas |
| Kabuuan | 3.76 | 0.89 | Mataas |

***Note:*** *4.21-5.00 (Napakataas); 3.41- 4.20 (Mataas); 2.61 -3.40(Katamtamang Mataas); 1.81-2.60 (Mababa); 1.0 – 1.79 (Napakababa)*

**Interes ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

Sa talahanayan 2 Interes ng Mag-aaral na Nakaapekto sa Asignaturang Filipino, sa pagitan ng apat na baryabols ay mahigit na mababa ang kaugnayan sa pang araw-araw na buhay (M=3.38; SD=1.07) sa interes ng mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang apat na baryabol ay may mataas na antas: Pagpapakita ng Interes sa Klasrum (M=3.87). Interes ng Mag-aaral sa Wikang Filipino (M=3.88). Pakikilahok sa Estrakurikular na Aktibidad (M=3.73). Kaugnayan sa pang Araw-araw na Buhay (M= 3.38).

Ang pagpapakita ng interes sa klasrum ang may pinakamalaking kontribusyon sa mga mag-aaral. Ang pagiging aktibo sa mga diskusyon sa klasrum na may kaugnayan sa asignaturang Filipino; pagbibigay ng malikhaing pagsusuri o reaksyon sa mga aralin; pagkakaroon ng malasakit sa mga kaklase sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila at pagbibigay ng konstruktibong pidbak sa mga gawain sa kapwa mag-aaral. Sinang-ayunan ng mga mananaliksik na si Lopez (2021) na malaki ang ambag na ginagampanan ng mga guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral, kinakailangan magkaroon ng mabisang mga estratihiya upang ang pagmamahal at pagpapahalaga sa pag-aaral ng sariling wika ay maibalik at tumatak sa puso ng bawat mag-aaral.

Ang kahandaan ng mga guro sa larangan ng paggamit ng wika ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kanila nakasalalay ang paghubog hindi lamang ng isipan at mga katangiang pisikal ng mga mag-aaral kundi ng buo nitong katauhan. Ang madalas na mabasa o marinig na pahayag na ang pagtuturo ay isa sa pinakadakilang gawain ay hindi isang pagmamalabis. Wika nga ni Talledo (2021) ang guro ang tagapagtaguyod ng pag-unlad sa komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral. Ang nagbibigay-diin sa pag-unlad ng pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita sa wikang kanilang tinuturo. Kung kaya't malaki ang pananagutan ng mga guro sa isang matagumpay na pagtuturo at pagkatuto ng wika. Ayon kay Ortonez (2023), sa lahat ng antas ng edukasyon ay mahalaga na pag-aralan ang wikang Filipino. Napag-alaman na kadalasan sa mga mag-aaral ay hindi na pinapahalagahan ang pag-aaral sa asignaturang Filipino mas pinipili pa nilang pahalagahan ang mga asignaturang gaya ng Ingles (Royo, 2018). Sumakatuwid, ang lahat ng mga mag-aaral sa anong antas ay dapat nililinang ang sarili sa wika ng ating bansa.

Ang interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay naaapektohan ng iba't ibang salik sa paaralan. Kabilang ditto ay ang pagpapakita ng interes sa klasrum, ang interes ng mag-aaral sa wikang Filipino, ang pakikilahok sa estrakurikular na aktibidad. Bukod dito ang kaugnayan sa pang araw-araw na buhay ay mataas ang interes ng mag-aaral sa asignatutang Filipino.

**Talahanayan 2**

**Interes ng Mag-aaral na Nakaaapekto sa Asignaturang Filipino**
(n=170)

| Mga Konstruksyon | M | SD. | Remarks |
|---|---|---|---|
| Pagpapakita ng Interes sa Klasrum | 3.87 | 0.89 | Mataas |
| Interes ng Mag-aaral sa Wikang Filipino | 3.88 | 0.87 | Mataas |
| Pakikilahok sa Estrakurikular na Aktibidad | 3.73 | 0.89 | Mataas |
| Kaugnayan sa pang Araw-araw na Buhay | 3.38 | 1.07 | Katamtamang Mataas |
| **Kabuuan** | 3.71 | 0.94 | Mataas |

***Note:*** *4.21-5.00 (Napakataas); 3.41-4.20 (Mataas); 2.61-3.40 (Katamtamang Mataas); 1.81-2.60 (Mababa); 1.0-1.79 (Napakababa)*

**Makabuluhang Ugnayan ng mga Salik sa Tahanan at Interes ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

Batay sa talahanayan 3, ipinapakita nito ang makabuluhang ugnayan ng mga salik sa tahanan at interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang mga resultang ipinakita ay may kabuluhan ang mga sumusunod na baryabol; salik sa tahanan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at Interes ng mga Mag-aaral na Nakaaapekto sa Asignaturang Filipino. Ang mga bilang ng r-value at p-value ay nagpapahiwatig ng antas ng ugnayan at kahalagahan nito tahanan at interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Makikita sa Talahayan 3 na ang mga baryabol ay nagpapakita ng lubos na makabuluhang ugnayan at may kabuluhang ugnayan sa isa't isa. Ito ay nagpapakita na ang mga salik sa tahanan, tulad ng positibong suporta ng magulang, paggabay ng magulang, wika na ginagamit sa bahay, multilingual na kapaligiran, pakikiiisa sa kulturang Pilipino at pakikipag-ugnayan sa midya ng Filipino. Ang pamilya ang pangunahing susi sa pang akademikong pag-unlad ng

isang mag-aaral. Ang mga magulang ay may malaking impluwensiya sa mga saloobin ng kanilang mga anak tungo sa pag-aaral sa paaralan at tagumpay sa hinaharap (Gacusana, 2024). Sinuportahan naman ni Ogunboyed (2024) na ang tahanan ang pundasyon sa pagkakaroon ng kinakailangang pagnanais, motibasyon at akademikong tiwala sa sarili nga mga mag-aaral. Lumabas naman sa pag-aaral nina Gesta et al., (2024) na ang mga Pilipinong mga mag-aaral ay patuloy na nagpapakita ng pagpapahalaga at dedikasyon sa asignaturang Filipino, ngunit may iilang aspekto na nagpapakita ng kakulangan ng kanilang interes lalo na sa kanilang paggamit ng wikang Filipino sa silid-aralan. Dagdag pa rito, ayon sa pag-aaral ni Daza (2021) dapat magkaroon ng makabagong estratehiya at pamamaraan sa pagututuro ng wika at panitikan upang ang interes at kaantasan ng pagkatuto ay mapataas at higit na mabigyan ng kasapatan ang pangangailangan ng guro sa pagtuturo ng wika at panitikan sa Filipino. Ang tahanan ay may malaking impak sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino dahil sa kanilang suporta na ibinibigay na nag-uudyok sa mga mag-aaral na magpursige, mapanatili ang kanilang interes at magtagumpay sa kanilang pag-aaral. mapanatili ang kanilang interes at magtagumpay sa kanilang pag-aaral.

***Note*:*****p*< (Lubos na Makabuluhan); **p*<0.05 (May Kabuluhang Kaugnayan); *p*>0.05 (Walang Kabuluhan)

| **Baryabol** | | Interes ng Mag-aaral sa Wikang Filipino | Pagpapakita ng Interes sa Klasrum | Pakikilahok sa Ekstrakurikular na Aktibidad | Kaugnayan sa pang Araw-araw na Buhay |
|---|---|---|---|---|---|
| Positibong Suporta ng Magulang | *r* | .269 | .228 | .390 | .348 |
| | *p* | .000** | .000** | .000** | .000** |
| Paggabay ng Magulang | *r* | .280 | .272 | .263 | .359 |
| | *p* | .000** | .000** | .001** | .000** |
| Wika na Ginagamit sa Bahay | *r* | .286 | .205 | .221 | .401 |
| | *p* | .000** | .007 | .004 | .000** |
| Multilingual na Kapaligiran | *r* | .317 | .213 | .266 | .293 |
| | *p* | .000** | .005* | .000** | .000** |
| Pakikiisa sa Kulturang Pilipino | *r* | .298 | .214 | .268 | .178 |
| | *p* | .000** | .005* | .000** | .020 |
| Pakikipag-ugnayan sa Midya ng Filipio | *r* | .213 | .115 | .218 | .271 |
| | *p* | .005* | .134 | .004* | .000** |

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang positibong suporta at paggabay ng mga magulang ay mga salik sa tahanan na may mataas na antas na mahalaga at makabuluhan sa interes ng mga mag-aaral para mas lumawak pa ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral at mas maintindihan at mas mapalawak ng mga bata ang kanilang kaalaman sa asignaturang Filipino sa tulong ng kanilang mga magulang sa tahanan.
2. Ang interes ng mag-aaral sa wikang Filipino at pagpapakita ng interes sa klasrum ay may mataas na antas. Mahalaga ang mga ito dahil ito ang nag uudyok sa mga mag-aaral na masipag-aralan sa wikang Filipino. Ang aktibong pakikilahok sa klasrum ay nagdudulot ng mas mayamang karanasan sap ag-aaral at nagpapalakas ng kanilang kaalaman.
3. Ang positibong suporta ng magulang, paggabay ng magulang, wika na ginagamit sa bahay, multilingual na kapaligiran, pakikiisa sa kulturang Filipino at pakikipag-ugnayan sa midya ng Filipino ay mga salik sa tahanan ng mga mag-aaral ay may makabuluhang kaugnayan sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Talasanggunian**

Auld, S., (2020). What is the Role of Parents in Education. https://tinyurl.com/yc67syv4

Brown, Z. A., Hammond, O. W., & Onikama, D.L. (1997). Language Use at Home and School: A synthesis of Research for Pacific Resources for Education Learning. https://tinyurl.com/2jxz7hk2

Casey, A.E. (2022). Parental Involvement in Your Child's Education: The Key to Student Success. https://www.aecf.org/blog/parental-involvement-is-key-to-student-success-research-shows

Cheung, C. S. S, & Pomerantz, E.M. (2012). Why does Parent's Involvement Enhance Children's Achievement? The Role of Parent-oriented motivation. Journal of Education Psychology, 104(3), 820. https://tinyurl.com/yxfz9tat

Christenson, S.L., Rounds, T., & Gorney, D. (1992). Family Factors and Student Achievement: An Avenue to Increase Student's Success. School Psychology Quarterly,7(3),178. https://tinyurl.com/bdeh3hcr

Dominguez, (1995). Hiyas ng Filipino Pang Sekundarya https://tinyurl.com/3j25xn4s

Durisic, M. & Bunijevac, M. (2017). Parental Involvement as an Important Factor for Successful Education. https://tinyurl.com/yh8az4m7

Guao, Rone, N..A., Jariol, M. Acedillo, N., Balinton, K., & Francisco, J. (2023). Student's Lack of Interest, Motivtion in Learning, and Classroom Participation: How to Motivate them? Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 7(8), 636-646. https://tinyurl.com/y8yat87a

Keys, A. D., (2015). Parental Involvement and Student Academic Achievement. https://tinyurl.com/y4be4r8p

Pomerantz, E M., E. A., & Litwack, S.D. (2007). The How, Whom and Why Parents' Involvement in Children's Academic Lives: More is Not Always Better. *Review of Education Research, 77(3), 373,-410. https://tinyurl.com/yswpw2m9*

Renegado, MA B. (2022). Unveiling Educational Frontiers: Exploring the Role of Filipino Language in Higher Learning. https://tinyurl.com/ka2mb958

Rosario, A.R (2020). Mga Salik na Nakaaapekto sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino. https://tinyurl.com/yc67syv4

Weyar, S. S. G., & Darmal, H.K. (2021). The Lack of Interest of the Education Faculty Student's in Teaching Evidence from Education Faculty Student's, Shaikh Zayed University. Asian Research Journal of Arts and Social Sciences, 14(2), 1-6. https://tinyurl.com/bdha6p5b